Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-22 NG ENERO, 2003, ARAW NG MIYERKULES, SA *GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.*

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 006-T'2003

*KAPASIYAHANG IPINAGPAPATULOY HANGGANG SA IKA-31 NG ENERO, TAONG ITO ANG PAGBABAYAD NANG WALANG MULTA SA PAGKUHA NG LISENSYA AT PERMISO SA PAGNENEGOSYO SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* ayon sa Seksyon 167 ng Kodigo ng Lokal na pamamahala ng taong 1991, *"maliban na lamang kung iba ang itintakda ng kodigong ito, ang lahat ng lokal na buwis, butaw at singilin ang dapat bayaran sa nilolooban ng unang 20 araw ng Enero ...;*

*SAPAGKA'T,* may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na palawigin o pahabain hanggang sa ika-30 ng buwang ito ang pagbabayad ng lisensya at permiso sa pagnenegosyo nang walang multa upang mabigyan ng sapat na panahon ang mga negosyanteng makapagbayad at makatubos ng kanilang lisensya at upang mapalaki ang kita ng kabang yaman ng pamahalaan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. De Leon, Bernardo E. Ison at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na ipagpatuloy hanggang sa ika-31 ng Enero, taong ito ang pagbabayad nang walang multa sa pagkuha ng lisensya at permiso sa pagnenegosyo sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Pinuno sa Lisensya at Permiso, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan